**TEMPLATE NG KASULATAN NG UNAWAAN SA PAGITAN NG (Pangalan ng Facultad/Kolehiyo) AT NG (Pangalan ng pamayanan/institusyon) HINGGIL SA PAGTUTUWANG PARA SA PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN/INSTITUSYON PARA SA LOOB NG (inilaang panahon para sa kasulatang ito)**

IPINAAALAM SA LAHAT ANG IPINAPAHAYAG NITO:

Ang Kasulatan ng Unawaan ay kinapalooban ng mga at sa pagitan ng mga sumusunod:

Ang pamayanan/institusyon ng (pangalan ng pamayanan/institusyon, idugtong ang lugar ng pamayanan/institusyon), isinasakatawan ni/nina (pangalan/mga pangalan ng kinatawan ng pamayanan/institusyon), (katungkulan o posisyon);

Ang (pangalan ng Facultad/Kolehiyo) bilang kinatawan ng Unibersidad ng Santo Tomas sa pagpapatupad ng mga programang pagpapaunlad ng mga pamayanan/institusyon na matatagpuan sa (lugar ng kolehiyo), UST, Espana, Manila sa pamumuno at isinasakatawan nina (rehente at dekano/dekana).

KUNG SAAN, ang pamayanan/institusyon ng (pangalan ng pamayanan/institusyon) ay nagtataguyod ng mga programa at proyekto para sa pagpapaunlad ng pamayanan/institusyon.

KUNG SAAN, ang (pangalan ng Facultad/Kolehiyo) ay nagpapadaloy ng mga programa at proyekto para sa pagpapaunlad ng pamayanan/institusyon sa (pangalan ng pamayanan/institusyon) tulad ng pangkalusugan, edukasyon, pangkabuhayan, pagpapaunlad ng kapaligiran at ispirituwal;

KUNG SAAN, ang pamayanan/institusyon ng (pangalan ng pamayanan/institusyon) at ang (pangalan ng kolehiyo) ay mahigpit na magkatuwang sa pagpapadaloy ng mga programang pampamayanan/panginstitusyon ay nakapagtukoy at nagkasundo na magsagawa ng mga programa at proyekto sa (pangalan ng pamayanan/institusyon) bilang tugon para sa pagpapaunlad ng pamayanan/institusyon;

NGAYON, KUNG KAYA'T, KINIKILALA ang kaibahan ng bawat partido, para sa wasto at epektibong pagtutuwang, ay pinagkaunawaan ang mga sumusunod na usapan at kondisyon (terms and conditions):

**A. ANG PAMAYANAN/INSTITUSYON NG (pangalan ng pamayanan/institusyon) AY DAPAT NA:**

1. Maglaan ng mga lokal na yaman tulad ng sariling pagkukusa sa paggawa, pangangalap ng mga materyales at iba pang kakailanganin;
2. Maglaan ng mga moral na suporta sa panahon ng paggawa;
3. Maglaan ng pagsisiguro ng seguridad ng mga boluntaryo bago, habang at pagkatapos ng aktuwal na pagtatrabaho sa bawat proyekto;
4. Bumuo at magtakda ng mga mekanismo sa pangangalaga at pagpapanatili ng kaayusan at kasaganahan ng pamayanan/institusyon; at
5. Magsagawa ng regular na pagsubaybay, pagtatasa at planong pagpapanatili at pagpapaunlad ng proyekto.

**B. ANG (pangalan ng Facultad/Kolehiyo), Unibersidad ng Santo Tomas**

1. Ipagpatuloy ang mga pamamaraan sa pagpapaunlad ng pamayanan/institusyon ng (pangalan ng pamayanan/institusyon) sa mapanlahok na pamamaraan na nagbibigay-daan sa pagsasakapangyarihan ng mga tao at pamayanan/institusyon;
2. Maglaan at maghanap ng sapat na mga yaman (pinansyal, tao at materyales) na kakailanganin at makatutulong sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto;
3. Magtakda ng mga pamamaraan at mekanismo sa pagtitiyak ng pagpapatuloy at pagsusulong ng buong pagpapaunlad; at
4. Magbuo ng instrumento para sa pagsubaybay at pagtatasa ng mga programa at proyekto.

Anumang nais na pagbabago sa nilalaman ng unawaang ito ay nararapat na pagkasunduan sa pulong o pag-uusap at dapat na isulat.

Ang unawaang ito ay magkakabisa matapos sang-ayunan at lagdaan at mananatili ang buong kapangyarihan at bisa hangga’t walang pormal na pagpapanibago ng unawaan sa pagitan ng dalawang (2) partido.

BILANG PAGPAPATUNAY, ang mga partido ay lalagda sa ibabaw ng kani-kanilang nakasulat na pangalan ngayong (petsa ng lagdaan).

**Pamayanan/Institusyon ng (pangalan ng pamayanan/institusyon)**
Sa katauhan nina:

**BB./G./GNG. (PANGALAN)**
Katungkulan
**BB./G./GNG. (PANGALAN)**
Katungkulan

**(Pangalan ng Facultad/Kolehiyo, Unibersidad ng Santo Tomas)**
Sa katauhan nina:

**(PANGALAN)**
Dekano/Dekana
Facultad/Kolehiyo

**(PANGALAN)**
Rehente
Facultad/Kolehiyo

**Sinaksihan:**

**(PANGALAN)**
Direktor
UST-SIMBAHAYAN Community Development Office